# ADVISORY TO REGISTERED FILIPINO VOTERS

## SUSPENSION OF VOTING AT SHANGHAI PCG

In **Minute Resolution No. *22-0348*** dated 6 April 2022**,** the Commission on Elections (COMELEC) *En Banc* approved the **temporary suspension of overseas voting at the Philippine Consulate General in Shanghai,** pursuant to Section 5 of the Omnibus Election Code. The Resolution is in recognition of the severe constraints to commencing voting at the Consulate General on 10 April 2022, as scheduled, as a consequence of the strict city-wide lockdown enforced by the Shanghai Municipal Government to control COVID-19.

The Consulate General, through the DFA Overseas Absentee Voting Secretariat, constantly appraises the COMELEC on the situation in Shanghai, with a view to enabling voting to commence as soon as the lockdown is lifted and as circumstances permit. **The Consulate General will issue a notice in due course.**

PERSONAL VOTING is the mode of voting for the Consulate General. The voting period is until 09 May 2022.

*Shanghai, 08 April 2022*

* * *

# PARA SA KAALAMAN NG MGA REHISTRADONG BOTANTE

## PAGKA-SUSPINDÍ NG BOTOHAN SA SHANGHAI PCG

Napagpasyahán pô ng COMELEC *En Banc* sa ***Minute Resolution No. 22-0348*** noong iká-6 ng Abril 2022, ang **pansamantaláng pagka-suspindí ng botohán sa Punong Konsulado sa Shanghai** sang-ayon sa Omnibus Election Code, Section 5. Itó'y sa dahiláng **hindi pô maaaring makapagsimulâ sa iká-10 ng Abril** ang botohán sa Konsulado, tulad ng naitakdâ, gawâ ng mahigpít at malawakang *lockdown* na kasalukuyang pinaiiral sa lungsód ng Shanghai laban sa COVID-19.

Nag-uulat pô ang Konsulado sa DFA Overseas Absentee Voting Secretariat at sa COMELEC ukol sa kalagayan dito sa Shanghai, at daglíang ipababatíd sa kanilá kapág matapos o sapát nang lumuwág ang lockdown upang agád na mapasimulán ang botohan sa Konsulado. **Antabayanan pô ang mga súsunód naming abiso.**

PERSONAL VOTING lamang pô ang pamamaraán ng pag-boto sa Shanghai. Ang panahón ng pag-boto ng mga *overseas voters* ay hanggáng iká-9 ng Mayo 2022.

*Shanghai, Iká-08 ng Abril 2022*